

# Pagsusuri ng mga Bagong Panganak:

## Ang malusog na simula ay nagiging daan sa mas malusog na buhay

### **Pagkuha sa pinakamahusay na simula.**

Bilang bago o magulang na naghihintay ng pagsilang ng anak, ang kalusugan ng inyong sanggol ay mahalaga sa inyo. Upang masiguro na ang inyong sanggol ay makukuha ang pinakamahusay na simula sa buhay at mapamalagi ang kalusugan, ang inyong bagong silang – at iba pang bagong panganak sa Ontario – ay susuriin para sa hindi kukulangin sa 27 pambihirang karamdaman.

Kahit pa karamihan sa mga sanggol na may ganitong karamdaman ay mukhang malusog pagkapanganak, maaaring sila ay nasa panganib na magkaroon ng mga malubhang problemang pangkalusugan – kabilang na ang mga kawalang-lakas ng pagdedebelop o developmental disabilities, paulit-ulit na pagkakasakit at kahit kamatayan – kapag ang kanilang karamdaman ay hindi nakita at nagamot. Ang maagang pagkilala ang siyang susi sa mabisang paggamot.

### **Ang maagang pagkilala o deteksiyon ay nagiging daan sa maagang paggamot.**

Isa-isa, ang mga karamdamang ito ay lubhang pambihira. Bilang isang pangkat, sila ay maka-aapekto ng mga 50 mula sa itinatayang 130,000 mga sanggol na ipinapanganak sa bawat taon sa Ontario. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga bagong panganak sa loob ng mga unang araw ng kanilang buhay, ang mga karamdaman ay magagamot ng maaga, ibinaba ang tsansa ng malubhang problemang pangkalusugan na dumating saka-saka sa buhay.

Ang polyetong ito ay magkakaloob sa inyo ng impormasyon tungkol sa Programang Pagsusuri ng mga Bagong Silang sa Ontario, na sisimulan sa 2006 at sasagot sa mga katanungan na mayroon kayo tungkol sa pagsusuring pag-iskrin sa mga bagong panganak.

### **Isang maliit na pagsusuri, nagbibigay ng malalaking benepisyo.**

Upang magawa ang pagsusuring pag-iskrin o screening test, isang maliit na sampol ng dugo ang kinukuha mula sa

inyong sanggol sa pamamagitan ng pagtusok sa sakong. Ang dugo ay kukulektahin sa isang espesyal na papel na kard at pagkatapos ay ipadadala sa Laboratoryo ng Programang Pagsusuri ng Bagong Panganak upang mapag-aralan o ma-testing.

Ang mga sampol ng dugo ay maaaring kunin kahit kailan sa pagitan ng isang araw (24 oras) at pitong araw matapos na ang inyong sanggol ay maipanganak. Ang pinakamabuting panahon ng pagkolekta ng sampol ng dugo ay kapag ang inyong sanggol ay nasa pagitan ng edad na dalawang araw (48 oras) at tatlong araw (72 oras). Kapag ang inyong sanggol ay iniksamen sa edad na bago mag-isang araw (24 oras), ang tagapagkaloob ng pangkalusugang pangangalaga ng inyong sanggol ay kailangang **ulitin** ang pag-iiksam sa loob ng limang araw, sa unang check-up ng sanggol.

### **Mga resulta ng pag-iiskrin: mataas na antas at mababang antas ng panganib.**

Ang pagsusuring pag-iiskrin ay ipinapakita lamang kung mayroong mataas o mababang antas ng panganib na ang inyong sanggol ay may karamdaman. Mahalaga na maintindihan na ang pagsusuri ay hindi gumagawa ng diyagnosis ng isang karamdaman, datapwat, kinikilala lamang ang mga sanggol na mangangailangan ng karagdagang pagsusuri.

Sa sandaling matanggap at mapag-aralan ng Laboratoryo ng Programang Pagsusuri ng Bagong Panganak ang sampol ng dugo ng inyong sanggol, isa sa mga sumusunod ang mangyayari:

1. Ang inyong sanggol ay na-iskrin na negatibo para sa lahat ng karamdaman. Ang Laboratoryo ng Pagsusuri ng Bagong Panganak ay magpapadala ng report sa pamamagitan ng koreo sa inyong ospital at /o tagapagkaloob ng pangkalusugang pangangalaga. Ito ay isasama sa mga pangkalusugang rekord ng inyong sanggol.

Mahigit sa 99% ng mga sanggol na na-iskrin ang tatanggap ng resultang “screen negative.”

Nangangahulugan ito na mayroon mababang antas ng panganib na ang inyong sanggol ay mayroong isa sa mga ganitong pambihirang karamdaman. Sa mga lubhang pambihirang pagkakataon, ang pagsusuring pag-iiskrin ng mga bagong panganak ay maaaring may di-maisamang sanggol na mayroong isa sa mga karamdamang ito.

2. Ang Laboratoryo ng Pagsusuri ng Bagong Panganak ay maaaring mangailangan ng isa pang sampol ng dugo. Maaari na ang unang sampol ay hindi maayos ang pagkakuha, hindi sapat ang dami ng dugo upang makumpleto ang pagtetesting, o may iba pang problema sa sampol. Sa ganitong pangyayari, ang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng inyong sanggol ay makikipag-ugnayan sa inyo upang kumuha ng isa pang sampol ng dugo sa lalong madaling panahon.
3. Ang inyong sanggol ay umiskrin ng positibo para sa isa sa mga kondisyon. Ang positibong pag-iskrin **ay hindi naman talagang nangangahulugan** na ang inyong sanggol ay may karamdaman, bagkus ay kinakailangan ng dagdag na pagtetesting. Ang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng inyong sanggol ay makikipag-ugnayan sa inyo upang maiayos ang follow-up sa ospital kung saan ang mga espesyalista ay makagagawa ng karagdagang pagtetesting. Kung may nadayagnos na karamdaman, ang ospital ay magkakaloob sa inyong sanggol ng paggamot at pagpapayo at mga tagubilin sa inyong pamilya.

Ang Laboratoryo ng Pagsusuri ng Bagong Panganak ay mag-iisyu rin ng report sa pamamagitan ng koreo sa inyong ospital at/o tagapagkaloob ng pangkalusugang pangangalaga na isasama sa mga pangkalusugang rekord ng inyong sanggol.

Mahalaga na tandaan na kulang sa 1% ng mga sanggol na sinuri ang tatanggap ng resultang “screen positive.”

### **Ano ang hinahanap sa pagtetesting?**

Ang pagtetesting na ginawa para sa Programang Pagsusuri ng mga Bagong Panganak sa Ontario ay naghahanap ng di kukulangin sa 27 pambihirang karamdaman na maaaring maging sanhi ng mga problemang pangkalusugan sa mga sanggol at mga bata.

### **Ang mga sakit o karamdamang ito ay:**

#### **Mga Metabolik na karamdaman**

**(Metabolic disorders):** kapag ang katawan ay hindi kayang paghiwalayin (*metabolise*) ang ilang sustansiya sa pagkain tulad ng “fats”, protina o asukal, ang mga ito ay maaaring maipon sa katawan at maging sanhi ng malulubhang problemang pangkalusugan.

#### **Mga karamdamang Endocrine (Endocrine disorders):**

ang sistemang endocrine, na siyang responsable sa paggawa ng mga hormones, ay maaaring magprodyus ng sobrang dami o kaunting-kaunti ng ilan sa mga hormones na siyang magdadala ng karamdaman o mga developmental disabilities, kawalang kakayahang magdebelop.

#### **Mga karamdaman sa Dugo (Blood disorders):**

ang oksidyen ay dinadala sa buong katawan sa mga hemoglobina na matatagpuan sa mga pulang selula ng dugo (*red blood cells*). Kapag hindi nabuo ang hemoglobina o hindi maayos ang pagtatrabaho, ang mga pulang selula ng dugo ay nasisira, nagiging sanhi ng mga problemang pangkalusugan kabilang na ang malubhang anemia o kakulangan sa dugo at mga malulubhang impeksiyon.

### **Nais ninyong madagdagan pa ang kaalaman?**

Para sa karagandang impormasyon tungkol sa Programang Pagsusuri ng mga Bagong Panganak sa Ontario, kausapin ang inyong doktor o komadrona. Tumawag sa 1-866-532-3161 (TTY 1-800-387-5559) o bisitahin ang [www.health.gov.on.ca/newbornscreening](http://www.health.gov.on.ca/newbornscreening)